

PARAAN NG PAGREREKLAMO NG MAMAMAYAN



KAGAWARAN NG PULISYA NG WEST COVINA

Mahalaga sa epektibong pagpapatupad ng batas ang nakikipagtulangang relasyon sa pagitan ng publiko at ng Kagawaran ng Pulisya, na itinataguyod ng kumpiyansa at tiwala. Kinakailangan ng mga empleyado ng Kagawaran ng Pulisya na umaksiyon nang may kasarinlan at magpasya sa loob ng hangganan ng awtoridad na ipinagkaloob sa kanila ng polisiya at batas. Kinakailangan ng empleyado na malayang gamitin ang kanyang pinakamahusay na pagpapasiya at kumilos sa paraang makatarungan, naaayon sa batas, at walang kinikilingan nang walang takot na paghihigantihan; masidhing inoobserbahan ang mga karapatan ng lahat ng tao.

Misyon ng Kagawaran ng Pulisya ng West Covina na magkaloob ng pinakamataas na kalidad ng serbisyo ng pulisya sa aming mga mamamayan, kabilang ang mabilis at masinsinang pag-iimbestiga ng mga reklamo ng mamamayan. Nagtaguyod ang kagawaran ng mga pamamaraan sa pag-iimbestiga at pagdidisiplina kung saan hindi lamang ipasasailalim ang mga tauhan sa pagwawasto ng pagkilos kapag natukoy na mayroong maling paggawi, ngunit magsisilbi rin sa pagpapawalang-sala ng mga tauhan mula sa mga hindi makatwirang paratang o pagpuna kapag maayos ang paggampan sa mga tungkulin. Makatutulong ang mga matutuklasan mula sa mga imbestigasyong ito sa pagpapabuti ng pangkalahatang kalidad ng mga ibinibigay na serbisyo ng aming Kagawaran sa ating komunidad. Para sa inyong kaginhawaan, ang mga form para sa Reklamo ng Mamamayan ay available sa wikang Ingles, Espanyol, Tagalog, at Tsino. Nagkaloob din ng mga serbisyo sa pagsalin ang Kagawaran ng Pulisya ng West Covina para makatulong sa

proseso ng pagrereklamo. Maaaring matagpuan ang mga form para sa Reklamo ng Mamamayan sa Lobby ng Kagawaran ng Pulisya o maaaring i-print mula sa website ng aming kagawaran sa www.wcpd.org, sa ilalim ng ONLINE tab.

PROSESΟ NG PAGREREKLAMO

Tulad ng mga ibang institusyon na nakikipag-ugnayan sa publiko, nagkakaroon din ng mga hindi pagkakaunawaan tungkol sa legal na tungkulin ng Opisyal ng Pulisya sa paghawak ng iba't-ibang sitwasyon. Sa kadahilanang ito, hinihikayat namin kayong humanap muna ng isang naka-duty na supervisor upang talakayin ang inyong reklamo gaya ng iminungkahing “unang hakbang” sa proseso ng pagrereklamo. Maaaring makipag-ugnayan sa naka-duty na field supervisor at/ o Watch Commander sa pamamagitan ng telepono sa (626) 939-8500, o sa personal sa pamamagitan ng pagbisita sa lobby ng aming himpilan (1444 W. Garvey Ave) at humiling na makipag-usap sa kanila tungkol sa inyong mga alalahanin. Hindi sapilitan ang panukalang “unang hakbang” na ito sa proseso ng pagrereklamo, hindi rin nito hahadlangan na marinig ang inyong reklamo kung pipiliin ninyong huwag munang talakayin ang inyong reklamo sa isang supervisor. Inihahandog ang mungkahing ito bilang tulong sa pag-iwas ng anumang hindi pagkakaunawaan tungkol sa mga aksiyon ng Opisyal sa isang partikular na sitwasyon at madalas na nagreresulta sa maaga at mainam na resolusyon. Kung hindi malutasan sa inyong kasiyahan ang inyong reklamo matapos makipag-usap sa supervisor, ang susunod na hakbang para sa inyo ay ang pagpuna ng form para sa Reklamo ng Mamamayan (kabilang

panig ng form na ito) upang masimulan ang imbestigasyon sa maling paggawi ng isang empleyado. Makatutulong ang masinsinan at wastong pagpuna ng form na ito sa mga imbestigador na itinalaga para lutasin ang inyong reklamo.

TANDAAN: *Ang Form para sa Reklamo ng Mamamayan na ito ay para sa pag-ulat ng Maling Paggawi ng (mga) empleyado ng Kagawaran ng Pulisya ng West Covina at hindi para sa pagrereklamo tungkol sa Batas ng Estado, Polisiya at Pamamaraan na itinakda ng Kagawaran, at/ o mga isyu sa pangkalahatang pagtugon ng pulisya. Kinakailangang diretsong ihatid ang mga usaping ito sa naka-duty na Watch Commander o sa inyong Tenyente sa Pinagseserbisyuhang Lugar (Service Area Lieutenant) para sa konsiderasyon.*

Matapos ninyong punan ang inyong form para sa reklamo, kailangan ninyong dalhin ito sa Himpilan ng Pulisya at ibigay sa Watch Commander o sa naka-duty na supervisor. Hihilingin sa inyo na muling suriin ang inyong reklamo kasama ang Watch Commander o ang naka-duty na supervisor upang kumpirmahin ang kawastuan ng impormasyong inyong ibinigay, na lalagdaan ninyo ng inyong pangalan. Tatanggapin lamang ang mga pormal na nakasulat na reklamo mula sa mga taong edad 18 pataas, maliban na lamang kung may kasamang magulang o tagapag-alaga. Maaari ding tanggapin ang mga form para sa Reklamo ng Mamamayan kung ipinadala sa Kagawaran ng Pulisya ng West Covina sa 1444 W. Garvey Avenue, Post Office Box 2166, West Covina, CA 91793.



Maaaring imbestigahan ang inyong reklamo ng supervisor ng empleyado o ng isang supervisor sa pag-iimbestiga, na itatalaga ng Kapitan ng Dibisyon. Makatatanggap ang Hepe ng Pulisya ng kopya ng bawat reklamo upang tiyakin na agaran at masinsinang iniimbestigahan ang bawat reklamo. Kapag natapos ang imbestigasyon, aabisuhan kayo sa pamamagitan ng sulat ng disposisyon ng imbestigasyon sa loob ng 30 araw, kung kasama sa inyong reklamo ang inyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan.

Kung matapos matanggap ang disposisyon ay hindi kayo nasiyahan sa kinalabasan ng imbestigasyon, maaari kayong makipag-ugnayan sa Tanggapan ng Hepe sa (626) 939-8501 upang magpa-iskedyul ng pagpupulong o kausapin sa telepono ang Hepe para ipahiwatig ang inyong mga alalahanin. Nagbibigay rin ng karagdagang mapagkukunan upang maipahiwatig ang inyong pagtutol sa kinalabasan ng inyong imbestigasyon mula sa Tanggapan ng District Attorney ng Los Angeles at Tanggapan ng Attorney General ng Estado.

HEPE MARC TAYLOR
KAGAWARAN NG PULISYA NG WEST COVINA

Para Lamang sa Opisyal na paggamit	Petsa:	Reklamong Tinalakay kasama ang Nagrereklamo:
Empleyadong Nakatanggap ng Reklamo:		

Pangalan ng Nagrereklamo (Pangalan Gitnang Pangalan Apelyido)	Petsa ng Kapanganakan	Numero ng Cellphone ng Nagrereklamo
---	-----------------------	-------------------------------------

Address ng Bahay ng Nagrereklamo/ Numero ng Telepono ng Bahay	Email Address ng Nagrereklamo
---	-------------------------------

Pangalan/ Address/ Numero ng Telepono ng Magulang o Tagapag-alaga ng Nagrereklamo (naaangkop lamang kung ang Nagrereklamo ay edad 18 pababa)

Pangalan/ Address/ Numero ng Telepono ng Mga Saksi

Pangalan/ Numero ng Tsapa ng sangkot na Mga Empleyado ng Kagawaran ng Pulisya (kung hindi alam ang pangalan, mangyaring isalarawan ang (mga) empleyado sa panahon ng insidente)

Petsa at Oras ng Insidente	Lokasyon ng Insidente	Numero ng Sitasyon/Kaso
----------------------------	-----------------------	-------------------------

Paglalarawan ng Insidente: _____

MAYROON KAYONG KARAPATAN NA MAGHAIN NG REKLAMO TUNGKOL SA ISANG OPISYAL NG PULISYA PARA SA ANUMANG MALING PAGGAWI NG PULIS. INAATAS NG BATAS NG CALIFORNIA NA MAGKAROON ANG AHENSIYANG ITO NG PAMAMARAAN SA PAG-IMBESTIGA NG MGA REKLAMO NG MGA SIBILYAN. MAYROON KAYONG KARAPATAN SA NAKASULAT NA PALIWANAG NG PAMAMARAANG ITO. MAAARING MALAMAN NG AHENSIYANG ITO MATAPOS ANG IMBESTIGASYON NA WALANG SAPAT NA EBIDENSYA UPANG AKSIYUNAN ANG INYONG REKLAMO; GAYUNPAMAN, MAYROON KAYONG KARAPATAN NA MAGHAIN NG REKLAMO AT MAIMBESTIGAHAN ITO KUNG NANINIWALA KAYO NA MALI ANG NAGING KILOS NG ISANG PULIS. KINAKAILANGAN NG AHENSIYANG ITO NA PANATILIHIN ANG IMPORMASYON TUNGKOL SA MGA REKLAMONG SIBILYAN O ANUMANG ULAT O MGA NATUKLASAN NA KAUGNAY NG MGA REKLAMO NANG HINDI BABABA SA LIMANG TAON.

LABAG SA BATAS NA MAGHAIN NG REKLAMO NA ALAM NINYONG WALANG KATOTOHANAN. KUNG MAGHAIN KAYO NG REKLAMO LABAN SA ISANG PULIS NA MAY KAALAMANG HINDI ITO TOTOO, MAAARI KAYONG KASUHAN NG MISDEMEANOR (MASAMANG PAG-UUGALI).

Binasa ko at nauunawaan ang pahayag sa itaas.